

**Pagtuturo ng Filipino sa mga Banyaga Tungo sa
Pagpapahalagang Pangkultura**

(Teaching Filipino to Foreigners Towards Cultural Appreciation)

Dolores R. Taylan
De La Salle University-Manila
dolores.taylan@dlsu.edu.ph

ABSTRAK

Bukas ang Pilipinas sa pagpasok ng mga banyaga. Malugod silang tinatanggap sa bansa anoman ang kanilang dahilan – mamasyal bilang mga turista, maghanap-buhay, manirahan, at iba pa, basta't matiyak lamang ng gobyerno na dumaan sila sa legal na proseso. Isa sa mga dahilan ng mga banyaga – partikular ng mga kabataang banyaga, ang makapag-aral sa mga paaralan at unibersidad sa bansa. Sa pagtanggap sa kanila bilang mag-aaral, kailangan nilang tumupad sa mga patakaran ng edukasyon sa Pilipinas. Kabilang sa mga patakarang ito ang pagkuha ng asignaturang Filipino. Nakaenrol man sila sa antas elementarya, sekondarya, at tersyarya, kailangan nilang mag-aral ng Filipino.

Layunin ng papel na ito na talakayin ang ugnayan at kahalagahan ng pagtuturo ng Filipino sa mga banyagang mag-aaral tungo sa kanilang pagpapahalaga sa kulturang Pilipino. Hindi lamang ang wikang Filipino ang dapat nilang matutuhang gamitin. Dapat din nilang makilala nang lubos ang Pilipinas at ang mga mamamayan nito sa pamamagitan ng pag-aaral at pagpapahalaga sa kulturang Pilipino.

Mga Susing Salita: banyagang mag-aaral, wikang Filipino, edukasyon, pagpapahalagang pangkultura, pagtuturo ng pangalawang wika

ABSTRACT

The Philippines is one of the most hospitable countries in the world. Filipinos welcome citizens of any nations with open arms regardless of their purpose – tourism, business, retirement, etc., as long as they follow the government's legal policy for foreign entry. One of the main reasons why foreign nationals, particularly the youth, seek to live in the Philippines is to get education from the country's premier schools and universities. When a foreigner is accepted as a student, he/she is expected to follow the

policies and procedures of the Philippine educational system, including the requirement to take Filipino subjects.

This paper aims to discuss the relevance of teaching Filipino language to foreign students to equip them with a holistic appreciation of the Filipino culture. This paper claims that it is not enough for foreign students to learn the country's national language, they must be fully immersed in the Filipino way of life. Learning the language of one's country fosters a sense of understanding of its people and appreciation for its culture.

Keywords: *foreign students, Filipino language, education, cultural appreciation, second language teaching*

~~~

## **Panimula**

Hindi nakukuha ang lahat ng karunungan sa mga libro, journal, magasin, at iba pang nasusulat na hanguan ng kaalaman. Nakakakuha rin tayo ng malawak na kaalaman mula sa pagdanas o eksperensiya sa labas ng klasrum. Kabilang sa mga pagdanas na ito ang pakikisalamuha sa mga taong nakakasama at nakakahalubilo sa araw-araw. Kaya naman karaniwan nang ibinibigay na gawain ng mga guro, halimbawa sa mga takdang-aralin, ang pag-iinterbyu, pakikipagdiyologo, pagdalo at pakikinig sa mga panayam, at iba pang mga katulad na gawaing tumitiyak sa pakikipagkomunikasyon ng mga mag-aaral sa ibang tao.

Mahalagang bahagi ng pagkatuto ng isang indibiduwal ang pakikipag-usap sa mga taong kasa-kasama niya sa lipunan. Nakatutulong sa lubos na pagtamo niya ng mga kaalaman – sa loob man o labas ng klasrum – ang tuwirang pakikipag-ugnayan sa mga tao sa kaniyang paligid.

Taliwas naman ito sa nararanasan ng mga banyagang mag-aaral. Dahil sa iba ang wikang kanilang ginagamit sa wika ng bansang kanilang kinaroroonan, nagiging suliranin at/o sagabal ito sa pakikipag-ugnayan nila sa mga mamamayan ng bansa at sa kanilang ganap na pagkatuto. Paano sila makikipag-uusap kung hindi naman nila nauunawaan ang wika ng mga taong nakakasalamuha nila araw-araw? Paano magiging ganap ang komunikasyon kung may magkaibang wikang ginagamit ang nag-uusap? Ito ang dahilan kung bakit malaking pangangailangan sa mga banyaga na mag-aral ng wika ng bansang kinaroroonan nila.

Katulad ng ibang bansa sa daigdig, bukas ang Pilipinas at tumatanggap ng mga banyaga upang mag-aral sa bansa. Bukod sa paniniwala ng pamahalaan at ng mga ahensya ng edukasyon na kayang makipagsabayan ng Pilipinas sa ibang mga bansa pagdating sa kahusayan sa larang ng edukasyon, malaki rin ang naitutulong ng mga

banyagang mag-aaral sa ekonomiya ng Pilipinas, partikular sa turismo ng bansa. Nakasaad sa Executive Order 285 ni dating pangulong Joseph Estrada (2000) na may pamagat na “Amending the Guidelines Governing the Entry and Stay of Foreign Students in the Philippines and the Establishment of an Inter-Agency Committee on Foreign Students for the Purpose”: “Whereas, it is the policy of the government to continuously to promote the Philippines as a center for education in the Asia Pacific Region by (i) encouraging foreign students to study in the country, (ii) developing awareness of the Philippine educational system among neighboring countries, and (iii) allowing duly accepted foreign students to avail of the facilities of the Philippine educational system; Whereas, an increasing number of foreign students have expressed the desire to study in the Philippines, and graduate from Philippine school, colleges, and universities; Whereas, the government policy of attraction of foreign students to come to the country will help boost the country’s prospects to improve its economic environment.”

Ginagawa naman ng Departamento ng Edukasyon (DepED) at ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED) ang pagbibigay ng ayuda at proteksiyon sa mga banyaga habang nag-aaral sila sa bansa. Sa inilabas na Department Order No. 26, s. 1994 ng noo’y Department of Education Culture and Sports o DECS (DepEd ngayon), na may pamagat na “Placement of Transferees from Foreign Countries Seeking Admission to Philippine Elementary and Secondary Schools,” nakasaad na: “The accepting school shall have the discretion to accelerate their pupil to a higher Grade/Year, or conversely to a lower Grade/Year, depending upon the subsequent performance of the pupil in the accepting school. The accepting school shall also be responsible for the appropriate supplementary programs as may be necessary in order that the facility in Filipino may be hastened should it appear inadequate.”

Kung pagbabatayan ang DO No. 26, matitiyak na tungkulin ng bawat paaralang may mga mag-aaral na banyaga na makapagplano ng mga gawain at programa para sa pagtatamo ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino. Sa pagdating ng mga mag-aaral na banyaga sa bansa, kailangang matugunan ng mga paaralan sa pangkalahatan, at ng mga guro ng wika sa partikular, ang pagtugon nila sa atas ng DepED. Ang makapag-enrol sila sa mga klase sa Filipino. Kung hindi kayang maisama o maisali sa klase ng mga lokal na estudyante, kailangang magbukas ang paaralan ng espesyal na klase sa Filipino. Mahalaga ang pag-aaral nila sa Filipino para sa kanilang lubos na pag-unawa at pagkatuto wika para sa pakikipag-usap sa mga Pilipino at sa maayos na pagpapahayag ng sariling ideya at saloobin. Dapat matiyak na maituturo sa kanila ang wikang Filipino upang magamit at makatulong sa kanila sa panahon ng kanilang pag-aaral, at mapakinabangan pa kung sakaling magpasyahan nilang

maghanapbuhay sa bansa pagkatapos nilang mag-aral at kung sa kalaunan ay tuluyan nang manirahan sa bansa.

### Ang Mga Banyagang Mag-aaral sa Pilipinas

May tatlong uri ng mga dayuhang mag-aaral sa Pilipinas. Una ang mga may dugong Pilipino, (1) yaong mga Pilipino ang magulang na ipinanganak at nanirahan sa ibang bansa (2) yaong ina o ama lamang ang Pilipino na ipinanganak at nanirahan sa ibang bansa (3) walang dugong Pilipino.

Bakit sa Pilipinas pinipili ng mga dayuhan para mag-aral? Sa isang artikulo na inilathala ng Philippine Daily Inquirer (2011) na may pamagat na “Foreigners find PH education cheap,” nilinaw ang ilang pangunahing rason ng mga dayuhan sa pagpili sa Pilipinas: “Irony of all ironies. While millions of Filipinos are too poor to even finish basic education, tens of thousands of foreigners are flocking to the Philippines to study, saying the costs of education in the country are relatively cheap—and life can be fun and easy. A four-year degree course in the Philippines costs between \$1,000 and \$2,500 a year, significantly cheaper than in the United States, for example, where one could spend more than \$30,000 annually, educators say.”

Bukod sa masaya at masarap mamuhay sa Pilipinas at sa kamurahan ng pag-aaral kung ihahambing sa mga bansang pinanggalingan ng mga banyagang mag-aaral. Sa pangkalahatan, batay sa karanasan ng may-akda bilang guro ng mga banyagang mag-aaral at batay sa ilang salik na binanggit ni McNeill (2014), kabilang din sa mga kanilang dahilan ang mga sumusunod:

- a. Internationally-accredited ang ilang paaralan sa bansa, kabilang dito ang mga kolehiyo at unibersidad
- b. nakabatay sa sistema ng edukasyong Amerikano ang edukasyon sa bansa
- c. malaki ang katumbas ng pera nila sa pera ng Pilipinas
- d. mayaman ang bansa sa mga lugar ng recreation at pasyalan
- e. nagsasalita sa English ang mga Pilipino
- f. English ang wikang panturo sa halos lahat ng asignatura maliban sa Filipino
- g. nasa Pilipinas ang mga pagkain sa buong daigdig dahil sa iba’t ibang restaurant gaya ng Thai, Japanese, Indian, Chinese, Italian, American, at iba pang western foods
- h. ang mabuting ugali ng mga Pilipino sa mga dayuhan
- i. mabilis at madaling visa application.

Sa maraming dahilang ito, nakalulungkot na walang magsasabing dahil nais alamin at kilalanin ng mga banyaga ang kulturang Pilipino. Kung tatanungin ang mga Koreano, halimbawa, kung bakit sila nasa Pilipinas at bakit dito sila nag-aaral, ang palaging maririnig na sagot, “because education here is cheap” at “because I want to learn English”. Kung tatanungin naman, “what about our culture, aren’t you excited to learn the culture of your host country?” Ngiti lang

ang karaniwang sagot. Kung sabagay, kung ang mga estudyanteng Pilipino nga, tinatamad o umaayaw pag-aralan ang sarili nilang kultura, ang mga banyagang ito pa kaya?

### Ang Pagtuturo ng Kultura sa Mga Banyaga

Bakit nga ba mahalagang pag-aralan ng mga banyagang mag-aaral ang kultura ng Pilipinas? Kagya't na tugon ang para maging maayos ang pakikipamuhay nila sa mga Pilipino at maunawaan nila kung paano tayo namumuhay. Sapagkat ang kultura, sa pinakasimple nitong depenasyon ay paraan ng pamumuhay ng isang grupo ng tao: "Culture is the way of life, especially the general customs and beliefs, of a particular group of people at a particular time" (Cambridge Dictionary, 2017). Tuntungan lamang ang gayong depinasyon sa mas malawak at mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura ng bansa na inaasahang maikikintal din kahit paano sa kamalayan ng mga dayuhang mag-aaral.

Samakatwid, layunin din ng pagtuturo ng Filipino sa mga banyaga na mapalalim ang kanilang pag-unawa sa lipunang Pilipino, alinsunod sa mga katangian ng kultura ng bansa ayon sa Republic Act 7356: "The Filipino national culture shall be: a) independent, free of political and economic structures which inhibit cultural sovereignty; b) equitable, effectively creating and distributing cultural opportunities and correcting the imbalance that has long prejudiced the poor and other marginalized sectors who have the least opportunities for cultural development and educational growth; c) dynamic, continuously developing in pace with scientific, technological, social, economic and political changes both in national and international levels; d) progressive, developing the vast potential of all Filipinos as responsible change agents of society; and e) humanistic, ensuring the freedom and creativity of the human spirit." Ang gayong perspektiba sa kultura ng bansa ay tiyak na makapagpapataas sa antas ng pagpapahalaga ng mga banyagang mag-aaral sa bansa at sa mga mamamayan nito.

Hangga't hindi nauunawaan ng mga banyaga ang ating kultura, mananatiling mababaw ang dahilan kung bakit sila nasa Pilipinas – dahil gusto lamang nila ang mga tanawin sa bansa, dahil nagsasalita ng English ang mga Pilipino at mapakikinabangan nila ito sa kanilang hangaring matutong magsalita English, at dahil makapagtatapos sila sa isang American-patterned education nang hindi sila gumagastos nang mahal.

Hanggat hindi nila napahahalagahan ng mga banyaga ang ating kultura, hindi nila mapahahalagahan ang ating wika. Higit sa lahat, hindi nila tayo mapahahalagahan, bilang mga Pilipino. Hindi nila mauunawan kung ano tayo at kung bakit ganito tayo.

Ano ang dapat unahing ituro sa klase ng mga banyaga? Wika ba muna ng bansa o kultura? Kailan dapat ituro ang kultura sa klase ng mga banyagang mag-aaral? Kapag ba natutuhan na nila ang wika? Ayon kay Peck (2016) sa artikulong "Teaching Culture: Beyond Language": "When should the study of culture begin? Should culture be postponed until students can study it in the target language? Won't special emphasis upon culture be wasteful of precious class time? Shouldn't cultural materials be postponed until students have greater maturity and

greater language competence? Ideally, the study of culture should begin on the very first day of class and should continue every day thereafter.”.

Hindi dapat maging pasulpot-sulpot ang pagtuturo ng kultura o kung kailan lang maisip o maibigan ng guro. Araw-araw, kasabay ng pagtuturo ng wika ang dapat pagtuturo ng kultura. Ayon pa kay Peck (2016): “Without the study of culture, foreign language instruction is inaccurate and incomplete. For foreign language students, language study seems senseless if they know nothing about the people who speak it or the country in which it is spoken. Language learning should be more than the manipulation of syntax and lexicon.”

Naglahad ng ilang makabuluhang kaisipang kaugnay ng pedagohiya at kultura sa tesis ni Brdarić (2016) na may pamagat na “The Importance of Teaching Culture in the Foreign Language Classroom”: “Therefore, in order to achieve well-rounded development and progress in all areas of language learning, it is necessary to incorporate culture as an essential component of language learning... In order to provide a proper balance of the two previously mentioned perspectives, teachers should have a developed understanding of cross-cultural awareness so they will be able to incorporate culture or culture oriented topics into their teaching. This will offer their students a great opportunity to become familiar with a certain culture.”

Gamitin ang wika sa pagtuturo ng kultura. Balewala ang pagkatuto ng wika kung hindi naman nauunawaan at walang kamalayan ang nag-aaral ng wika sa kultura mismo ng mga taong gumagamit ng wikang pinag-aaralan. Ang pagsandig sa kultura bilang batayan ng edukasyong pangwika ay makapagpapalalim sa pagkatuto ng mag-aaral sa wikang kanyang pinag-aaralan. Lagpas pa rito, higit na magiging malapit-lapit sa karaniwang mamamayan ang kanyang paraan ng pagpapahayag.

Dapat ipaunawa sa mga banyagang mag-aaral na hindi lamang sila dapat makilala ng kanilang mga kaklaseng banyaga sa kahusayan nila sa pag-i-English, dahil sa kalaunan, matututo rin ng English ang mga banyagang ito. Magiging kasinghusay rin nila sila magsalita ng English. At kung magkagayon, ano pa ang magiging ikinaiba nila sa kanila? Wala! Kung gusto ninyong maiba sa mga banyaga ninyong kklase, sabi ko sa kanila, kausapin ninyo sila sa sarili ninyong wika. Dapat nilang matutuhan at mapahalagahan ang wika ng bansa upang kasabay na mapahalagahan nila kayo, ang inyong kultura sapagkat iisa lamang ang ikaiiba ninyo sa kanila - ang inyong pagiging Pilipino – ang namumukod-tangi ninyong mga katangian bilang Pilipino.

Paano maituturo ang kultura sa pagtuturo ng wika? Isang halimbawa, kasabay ng pagtuturo ng pang-uri o mga salitang naglalarawan, maaaring gawing gawain ang pagpapakuwento sa mga estudyante ng kanilang karanasan sa pakikisalamuha sa mga Pilipino. Maaaring isang nakatutuwang karanasan – ang kanilang obserbasyon sa kanilang pakikipag-usap, eye contact, verbal mannerism, gestures, espasyo sa pagkikipag-usap, at iba pa. Sa pagtuturo ng mga lugar sa Pilipinas, ipakuwento ang isang lugar sa bansa na narating na nila,

ano ang napansin nila sa pamumuhay ng mga tao sa lugar, ang pananamit ng mga tao, ang kanilang hanapbuhay, ang mga pagkaing natikman nila sa lugar sa pinuntahan, at iba pang napansin nila na naiiba sa kanilang sariling kultura.

Mayaman ang paksang maaaring pag-usapan sa pagtuturo ng kultura sa mga banyagang mag-aaral tulad ng:

| Paksa             | Gawain                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                               |
|-------------------|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| Pagkain           | Hatiin ang mga mag-aaral ayon sa kanilang nasyonalidad at magpadala ng pagkaing kilala sa kanilang bansang pinanggalingan. Halimbawa, sa grupo ng mga Koreano, magpadala ng “kimchi”. Magpadala rin ng pagkaing Pilipino na paborito nila. Hayaang ipakilala ng grupo ang pagkain mula sa kanilang bansa. Pagkatapos, hayaan silang ipaliwanag kung bakit nila nagustuhan o naging paborito ang pagkaing Pilipino na kanilang dinala sa klase.                                                                       |
| Festival o Pista  | Pagpapakilala at paglalarawan ng mga festival o pista sa bansang pinanggalingan. Paghahambing nito sa festival o pistang nasaksihan at nadaluhan sa Pilipinas.                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                       |
| Damit             | Pagpapasuot ng traditional costume o pagdadala ng larawan nito (kung walang dalang national costume ang mag-aaral). Ipalarawan ang kanilang kasuotan – ang kakaibang katangian nito, ang kasaysayan kung paano nabuo ang kasuotan, kung ano ang kahalagahan nito sa kanilang bansa. Sa ganitong gawain, magkakaroon ang mga mag-aaral na mapahalagahan ang kultura ng pananamit ng bawat isa.                                                                                                                        |
| Mga awit at sayaw | Pagpaparinig sa mga kaklase ng isang halimbawa ng popular na awit o kaya naman ay pagpapanood ng isang katutubong sayaw mula sa kanilang bansa. Hayaang ipaliwanag ng mag-aaral ang sinasabi sa awit. Kung sayaw ang ipinakita, hayaan silang ipaliwanag ang sayaw – ano ang kahulugan ng mga kilos at indak sa sayaw at kailan ito isinasayaw. Gawing takdang-aralin naman ang pagpapapili sa mga mag-aaral ng isang awiting Pilipinong nagustuhan nila at hayaan silang ipaliwanag kung bakit nila ito nagustuhan. |

|      |                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                               |
|------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| Pera | Magpadala ng pera mula sa bansang pinanggalingan. Tanungin ang mga mag-aaral kung anong mahalagang bagay ang nasa perang dala nila. Ipakilala sa klase ang taong nasa pera at ang mahalagang kontribusyon nito sa kanilang bansa. Gawing takdang aralin ang pagpili ng pera sa Pilipinas at magtanong sa mga Pilipino ng tungkol sa lugar/mga lugar at tao/mga tao sa perang kanilang pinili. |
|------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|

Maaari rin namang hayaang ang mga mag-aaralmismo ang pumili ng paksang nais nilang talakayin at pag-usapan sa klase. Kailangan lamang ng tamang motibasyon at pagpapaunawa sa kahalagahan ng gawain kanilang gagawin.

### Kongklusyon

Sa loob ng klasrum ng mga mag-aaral na banyaga, kultura ang mensaheng dapat na ituro, wika naman ang midyum ng pagtuturo. Itinuturo ang kultura hindi lamang para sa pag-uunawaan. Mahalaga ito upang imult ang mga mag-aaral na iisa tayo bilang tao ngunit iba-iba pa rin tayo. Na dapat nating maunawan, tanggapin, at igalang ang bawat pagkakaiba natin sapagkat nasa lawak ng pagkakaiba-iba natin ang ganda at lalim natin bilang mga nilalang sa mundong ito.

Hindi mauubusan ng maituturo ang isang guro ng wika sa mga banyaga. Mayroon lamang isang pangunahing pangangailangan. Hindi ang sipag at kahusayan sa pagtuturo kundi ang pagmamahal at pagpapahalaga sa sariling wika at kultura. Guro ang unang dapat na magmahal at magpapahalaga sa sariling wika at kultura. Hindi kailanman maituturo ng guro ang anomang wala sa kaniya.

### SANGGUNIAN:

Brdarić, Helena. 2016. "The Importance of Teaching Culture in the Foreign Language Classroom." Di nailathalang tesis. Josip Juraj Strossmayer University of Osijek, Croatia. <https://repozitorij.ffos.hr/islandora/object/ffos%3A371/datastream/PDF/view>

Cambridge Dictionary. 2017. "Culture." <http://dictionary.cambridge.org/us/dictionary/english/culture>

Department of Education Culture and Sports. 1994. "Department Order No. 26, s. 1994 - Placements of Transferees from Foreign Countries Seeking Admission to Philippine Elementary and Secondary Schools." <http://www.deped.gov.ph/orders/do-26-s-1994>



Estrada, Joseph. 2000. "Executive Order No. 285, s. 2000. AMENDING THE GUIDELINES GOVERNING THE ENTRY AND STAY OF FOREIGN STUDENTS IN THE PHILIPPINES AND THE ESTABLISHMENT OF AN INTER-AGENCY COMMITTEE ON FOREIGN STUDENTS FOR THE PURPOSE." <http://www.officialgazette.gov.ph/2000/09/04/executive-order-no-285-s-2000/>

McNeill, Jennifer. 2014. "5 Reasons to Study in The Philippines." <http://www.studyinternationalmag.com/location-guides/asia/199-5-reasons-to-study-in-the-philippines>

Peck, Deborah. 2016. "Teaching Culture: Beyond Language." <http://teachersinstitute.yale.edu/curriculum/units/1984/3/84.03.06.x.html>

Philippine Daily Inquirer. 2011. "Foreigners find PH education cheap." <http://newsinfo.inquirer.net/11303/foreigners-find-ph-education-cheap>

Senate and House of Representatives of Philippines. Republic Act 7356: "AN ACT CREATING THE NATIONAL COMMISSION FOR CULTURE AND THE ARTS, ESTABLISHING NATIONAL ENDOWMENT FUND FOR CULTURE AND THE ARTS, AND FOR OTHER PURPOSES." <http://ncca.gov.ph/republic-act-7356/>

WorkandLiveAbroad. 2010. "10 Reasons Why You Should Study in the Philippines." [http://www.workandliveabroad.com/article\\_item.php?articleid=718](http://www.workandliveabroad.com/article_item.php?articleid=718)

### **Tungkol sa May-akda:**

#### **DOLORES R. TAYLAN**

Tapos ng digring Ph.D. in Language and Literature – major in Filipino sa De La Salle University- Manila (with Distinction), Master of Arts in Teaching (MAT) major in Filipino Language and Literature sa Philippine Normal University, at Bachelor of Arts in Filipino sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila. Naging guro ng Advanced Filipino Abroad Program (AFAP) at ng Filipino Language and Cultural Immersion Program for Singaporeans – (FLACIPS). Naging Vice Chair at Graduate Program Coordinator ng Departamento ng Filipino sa De La Salle University. Ph.D. Grant Awardee, Professorial at Academic Chair Holder. Miyembro ng DepEd Technical Panel bilang textbook reviewer at evaluator sa Filipino, Kasaysayan, at SIBIKA. Kasalukuyang nagtuturo sa DLSU, coordinator ng Basic Filipino for Foreigners and for Non-Tagalog Speakers (BASIFI), at tagapayo ng Ang Pahayagang Plaridel.